SO WHAT

- Ano ang sinasabi ng mga sumusunod na Salita ng Diyos bilang karagdagang aral ukol sa katangian ng Diyos? Tignan ang Joel 2:13, 2 Pedro 3:9, at Salmo 86:15.
- Anong aral tungkol sa kapatawaran at pagkakasundo na kapansin-pansin sa talata sa Bibliya?
- Papaano binago ng pagiging mahabagin, mapagbigay-biyaya, at pagmamahal ng Diyos ang iyong buhay?

NOW WHAT

- Ibahagi ang isang sitwasyon sa iyong buhay na kung saan naranasan mo ang mapagbigay-loob ng pag-ibig ng Diyos.
- Sino sa iyong mga kaibigan o kakilala ang sa palagay mo na handang makinig sa ebanghelyo? Pagplanuhan kung paano ibabahagi ang Mabuting Balita sa mga tao.
- Sa anong bagay mo naibabahagi ang Mabuting Balita at naipapakita ang pag-ibig, ang pagiging mahabagin, at mapagbigay- loob ng Diyos sa mga tao sa buong linggo na ito?

PRAYER

- Hingin sa Diyos ang lubusang pangunawa ng Kanyang pagiging mahabagin, mapagbigay-loob, pag-ibig, at katapatan.
- Ipanalangin ang pagkakasundo at ng mga ugnayan ng pamilya, magkakaibigan bilang pagpapatuloy ng pagkakakilala sa pag-ibig, at biyaya ng Diyos.
- Ipanalangin ang pagkakaroon ng pusong mahabagin sa mga tao habang nauunawaan natin ang pagiging mahabagin ng Diyos.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 1 FILIPINO

Mahabaging Diyos

THE GAP

NOTES

CONNECT

- Naiisip mo ba na kung mayroon kang ipinakikilalang iba tungkol sa Diyos at sa palagay mo sa loob ng dalawampu hanggang tatlumpong segundo. Ano ang sasabihin mo?
- Kung may isa kang katanungan sa Diyos, ano ito at bakit?
- Sa mga tauhan sa Bibliya, sino ang nais mong gayahin pagdating sa pananampalataya at pakikipag-ugnayan sa Diyos?

WORD

6. . . "Ako ang Panginoon, ang mahabagin at matulunging Diyos. Mapagmahal at matapat ako, at hindi madaling magalit. 7Ipinapakita ko ang pagmamahal ko sa maraming tao, at pinapatawad ko ang mga kasamaan nila, pagsuway at mga kasalanan. Pero pinaparusahan ko ang mga nagkakasala, pati na ang kanilang salinlahi hanggang sa ikatlo at ikaapat na henerasyon." EXODUS 34:6,7

(BASAHIN ANG EXODUS 32-34 PARA SA KABUOANG KAUNAWAAN.)

WHAT

Matapos tanggapin ang kautusan at mula sa pagbaba sa bundok ng Sinai, laking gulat ni Moises at siyang ikinagalit niya sa mga Israelita dahil sa kasiyahan nila para sa diyos-diyosan na naging dahilan ng pagkawasak ng mga tableta na ang Diyos mismo ang umukit ng Sampung Utos. Tulad ng utos ng Diyos kay Moises na umukit ng panibagong mga tableta, papaano inihayag ng Diyos ang Kanyang Sarili at sa Kanyang mga tao?

1 Ang Diyos ay mahabagin at mapagbigay-loob.

Ngunit kung ipinagtatapat natin sa Diyos ang ating mga kasalanan at lilinisin tayo sa lahat ng uri ng kasamaan dahil matuwid siya.

1 JUAN 1:9

Ang mga tao ay naghimagsik laban sa Diyos at sinira ang tipanan sa pamamagitan ng paglalang ng ginintuang guya na diyos-diyosan. Gayun man, hinding–hindi babaguhin ng Diyos ang Kanyang mga kautusan o di kaya'y ibababa ang Kanyang pamantayan, ngunit hangad Niya ang magpatawad at ipaabot ang Kanyang biyaya. Papaano isinasalarawan ang Diyos sa Exodus 34? Papaano ang likas na pagiging mahabagin ng Diyos ay masisilayan sa pakikitungo Niya sa mga Israelita?

2 Ang Diyos ay banayad sa pagkagalit.

Ang Panginoon ay mahabagin at matulungin, hindi madaling magalit at sagana sa pagmamahal. SALMO 103:8

Ang Diyos ay matiisin at hindi Niya nais na ang sinuman ay mamamatay dahil sa kanilang mga kasalanan. May mga taong maikli ang pasensiya na sa konting kibot lang ay madaling masaktan o magtampo, ngunit ang Diyos ay mahaba ang pasensiya. Bakit ang Diyos na banal at makapangyarihan ay mahaba ang pasensiya sa atin?

3 Ang Diyos ay sagana sa pagmamahal.

9Hindi siya palaging nanunumbat, at hindi nananatiling galit. 10Hindi niya tayo pinarurusahan, at ginagantihan ng batay sa ating kasalanan. 11Dahil kung gaano man kalaki ang agwat ng langit sa lupa, ganoon din kalaki ang pag-ibig ng Diyos sa mga may takot sa kanya. SALMO 103:9-11

Ang Diyos ay sagana sa pagmamahal, katapatan, kabaitan, kabutihan, at katotohanan. Ang Kanyang pagmamahal ay hindi basta basta lang na sapat lang subalit ito ay nag-uumapaw. Huwag nating pawalang-halaga ang yaman ng Kanyang kabaitan, mapagpaubaya, ngunit ang Kanyang kabaitan ang siyang nagtutulak sa atin sa pagsisisi (Roma 2:4). Papaano ipinakita ng Diyos ang kasaganahan ng Kanyang pagmamahal para sa atin (Roma 5:8-11)?